Pangalan: ______________________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: ________________ Petsa Nang Natapos: _______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Aspekto ng Pandiwa**

**I. PANUTO:** Bilugan ang titik ng tamang sagot sa bawat katanungan.

1. Alin sa sumusunod ang wastong kahulugan ng aspektong perpektibo?
   a. Ang kilos ay natapos na o nagawa na.
   b. Ang kilos ay hindi pa naisasakatuparan.
   c. Ang kilos ay kasalukuyang ginagawa pa lamang.
   d. Ang kilos ay binubuo ng salitang-ugat at panlaping makadiwa.

2. Gustong magpasalamat ni Mutya kay Aling Nene sa paghahanda para sa kaniyang kaarawan. Paano niya ito sasabihin sa aspektong imperpektibo?
   a. Nagpasalamat po ako, Nanay, sa iyong ginawang paghahanda para sa aking kaarawan.
   b. Nagpapasalamat po ako, Nanay, sa iyong ginawang paghahanda para sa aking kaarawan.
   c. Magpapasalamat po ako, Nanay, sa iyong ginawang paghahanda para sa aking kaarawan.
   d. Kapapasalamat ko lang po, Nanay, sa iyong ginawang paghahanda para sa aking kaarawan.

3. Nais palakasin ni Aling Nene ang loob ni Mutya. Paano niya ito sasabihin sa aspektong kontemplatibo?
   a. Huwag kang nawalan ng pag-asa, anak. Kinakaya natin ang lahat, anak.
   b. Huwag kang nawawalan ng pag-asa, anak. Lakasan mo ang loob mo, anak.
   c. Huwag kang kawawalan ng pag-asa, anak. Magtiwala tayo sa Panginoon, anak.
   d. Huwag kang mawawalan ng pag-asa, anak.

**II. PANUTO:** Punan ang talahanayan ng hinihinging aspekto ng pandiwa. Gawing gabay ang unang bilang.

| Salitang-ugat | Perpektibo | Imperpektibo | Kontemplatibo | Kagaganap |
|---|---|---|---|---|
| 1. tanggap (na-) | natanggap | natatanggap | matatanggap | katatanggap |
| 2. sama (nag-) | 4. | 5. | 6. | 7. |
| 3. linis (i-, -pang-) | 8. | 9. | 10. | 11. |
| 4. dala (-in-, -an) | 12. | 13. | 14. | 15. |